C Pagpapakasal at Pagdidiborsiyo

Bumalik sa TOP ng C Pagpapakasal at Pagdidiborsiyo

Proseso ng International Divorce

Mag-asawang Hapon at dayuhan

Kapag ayaw makipagdiborsiyo

Paghiling ng di pagtanggap ng pagrehistro ng pagdidiborsiyo

Kapag humiling ng di pagtanggap ng pagrehisro o fujuri para makipagdibrosiyo (maaaring kumuha ng form sa tanggapan ng munisipyo) sa munisipyo kung saan nakarehistro ang family register o sa tanggapan ng munisipyo sa tinitirahang lugar, di tatanggapin ang pagrehistro ng pagdidiborsiyo nang 6 na buwan.

When the two persons agree to the divorce

Diborsiyo batay sa pagka-sunduan o kyougi rikon

Kapag di sang-ayon ang mag-asawa, imumungkahi ang paghaha-tol sa family court o katei saibansho

Diborsiyo na dumaan sa isang tagapamagitan o choutei rikon

Kapag di nagkaroon ng kasunduan, imumungkahi ang paghahaol sa family court o katei saibansho

Diborsiyo batay sa paghahatol ng family court o shinpan rikon

Kapag di rin ito naayos, imumung- kahi ng family court ang kaso sa korte o saiban

Diborsiyong dumaan sa paglilitis o saiban rikon

Mag-asawang kawang dayuhan

Magkaiba ang mga kondisyon sa bawat bansa para kilalanin ang pagdidiborsiyo kaya magtanog sa embassy o consulate ng bansa sa Japan bago isagawa ang proseso

Dokumen-tong kailangang ihanda

1. Sertipiko para sa pagrehistro ng diborsiyo (makukuha ito sa tanggapan ng munisipyo at kailangang may lagda at tatak (natsuin) ng dalawang saksi na may sapat na gulang)
2. Isang kopya ng family register o koseki touhon
3. Pasaporte atbp (bagay na nagpapatunay ng nasyonalidad)
4. Seripikong nagpapatibay sa mga nakatalang detalye sa alien registration o certificate of registered matters on alien registration (makukuha sa tanggapan ng munisipyo kung saan isinagawa ang alien registration)
5. Para sa choutei rikon atbp, kopya ng talaan ng pakikipag-usap (choutei chousho) o ng desisyon ng korte (shinpansho o hanketsusho) at sertipiko na nagpapatibay nito

*Para sa kyougi rikon, ang parehong mag-asawa

*Para sa choutei rikon atbp, ang nagpetisyon ng diborsiyo ang magpaparehistro ng diborsiyo sa tanggapan ng munisipyo ng tinitirahang lugar o kung saan nakarehistro ang family register o koseki touhon

Kapag tinanggap na ang mga dokumento, may bisa at kinikilala ang pagdiborsiyo sa Japan

Agad maipagkakaloob ang sertipiko ng pagtanggap ng dokumento para sa pagrehistro ng pagdiborsiyo

Isasagawa ng dayuhan ang proseso ng pagdidiborsiyo sa sariling bansa

Ipadala ang sertipiko ng pagtanggap ng dokumento para sa pagrehistro ng pagdisborsiyo sa embassy o consulate ng bansa sa Japan. Dahil kailangang magbigay ng kopya ng disisyon ng korte para sa saiban rikon at magkaiba ang hinihiling ng bawat bansa, makipagsangguni muna bago ihanda at ipadala ang dokumento

Kapag tinanggap na ang mga dokumento, may bisa at kinikilala ang pagdidiborsiyo sa bansa ng dayuhan